



Katipunan ng mga Karapatan ng Magulang

para sa mga Mag-aaral ng Ingles/Mga Mag-aaral na ang Pangunahing Wika ay Hindi Ingles

DEPARTMENT OF EDUCATION NG ESTADO NG CONNECTICUT

Alinsunod sa [P.A.23-150 Seksyon 17](#) ang Board ng Edukasyon ng Estado ay magbabalangkas ng nakasulat na katipunan ng mga karapatan para sa mga magulang o guardian ng mga estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles upang tiyakin na ang mga karapatan ng nasabing mga magulang ay sapat na binabantayan at pinoprotektahan sa probisyon ng bilinggwal na edukasyon sa ilalim ng tsapter 164 ng pangkalahatang mga batas, at ang pagbabahagi ng katipunan ng mga karapatan na ito sa nananaig na wika ng mga magulang o guardian.

Nangangahulugan ito na, ayon sa P.A.23-150 Seksyon 17, ang State Board of Education ay lilikha ng isang malinaw na talaan ng mga karapatan para sa mga magulang o guardian ng mga estudyante na nag-aaral ng ibang wika. Ang talaan na ito ay magtitiyak na ang mga karapatan ng mga magulang at mga estudyanteng ito ay pinanatiling ligtas at protektado kapag kumukuha sila ng bilinggwal na edukasyon ayon sa Tsapter 164 ng mga pangkalahatang batas. Ang talaan ng mga karapatan ay ibibigay sa mga magulang o guardian sa wika na pinaka-nauunawaan nila.

Para sa school year na magsisimula sa Hulyo 1, 2024, at bawat school year pagkatapos, ang bawat lokal at panrehiyong board ng edukasyon na nagbibigay ng programa ng bilinggwal na edukasyon o Ingles bilang bagong wika ay:

1. magbibigay sa mga magulang at guardian ng mga kwalipikadong estudyante ng isang kopya ng katipunan ng mga karapatan ng mga mag-aaral na ang pangunahing wika ay hindi Ingles sa nananaig na wika ng nasabing mga magulang at guardian at
2. ipapakita ang nasabing mga kopya ng katipunan ng mga karapatan ng mag-aaral na ang pangunahing wika ay hindi Ingles sa internet website ng nasabing board.

Nangangahulugan ito na simula sa Hulyo 1, 2024, at sa mga taon na susunod, ang bawat lokal at panrehiyong board ng edukasyon na nag-aalok ng bilinggwal na edukasyon o ng Ingles bilang programa ng bagong wika ay kailangang:

1. **Magbigay sa mga magulang at guardian ng kwalipikadong mga estudyante ng isang kopya ng katipunan ng mga karapatan ng mag-aaral na ang pangunahing wika ay hindi Ingles sa wika na pinaka-nauunawaan nila.**
2. **Ipapakita ang katipunan ng mga karapatan ng mag-aaral na ang pangunahing wika ay hindi Ingles sa website ng board.**

Ang mga ito ang deklarasyon ng Katipunan ng mga Karapatan ng Mag-aaral ng Ingles/Mag-aaral na ang Pangunahing Wika ay Hindi Ingles

1. Ang karapatan ng mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles na pumasok sa isang pampublikong paaralan ng estado anumang sitwasyon sa imigrasyon ng nasabing estudyante o sitwasyon sa imigrasyon ng magulang o guardian ng nasabing estudyante.

Nangangahulugan ito na ang mag-aaral ng Ingles o ang isang tao na ang pangunahing wika ay hindi Ingles ay may karapatan na pumasok sa isang pampublikong paaralan ng estado, kahit na ang estudyanteng iyon o ang kanyang mga magulang/guardian ay mga imigrante.

2. Ang karapatan ng magulang o guardian ng mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles na ipatala ang nasabing estudyante sa isang pampublikong paaralan na hindi hinihinging magsumite ng dokumentasyon sa imigrasyon, kabilang, ngunit hindi limitado sa, isang Social Security number, dokumentasyon ng visa o patunay ng citizenship.

Nangangahulugan ito na ang isang magulang o guardian ng estudyante na nag-aaral ng Ingles o nakapagsasalita ng wika na hindi Ingles ay pwedeng ipatala ang kanilang anak para sa isang pampublikong paaralan nang hindi kailangang magbigay ng anumang mga dokumento sa imigrasyon tulad ng Social Security number, mga papeles sa visa, o patunay ng pagiging citizen.

3. Ang karapatan ng mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles na mabigyan ng serbisyo ng pagsasalin ng (A) isang interpreter na nariryan nang personal o makokontak sa telepono o sa isang platform ng online na teknolohiya, o (B) sa pamamagitan ng Internet web site o ibang electronic application na aprubado ng Board of Education ng Estado, sa panahon ng kritikal na mga interaksyon sa mga guro at administrador, kabilang ngunit hindi limitado sa mga pagpupulong ng mga magulang at guro, mga miting kasama ang administrador ng paaralan na pinapasukan ng estudyante, at wastong naabiso na regular o espesyal na mga miting kasama ang miyembro o mga miyembro ng board ng edukasyon na responsable sa pagtuturo sa nasabing estudyante, ayon sa seksyon 18 ng batas na ito

Nangangahulugan ito na ang mag-aaral ng Ingles/mag-aaral na hindi Ingles ang pangunahing wika ay may karapatan na makakuha ng tulong sa pagsasalin sa panahon ng mahalagang mga miting na nag-uugnay sa edukasyon ng estudyante. Ang tulong na ito ay maaaring mula sa isang interpreter nang personal, sa telepono, o sa pamamagitan ng isang computer. Ito ay para sa mahalagang mga pag-uusap kasama ang mga guro at lider ng paaralan tulad ng miting ng magulang-guro o mga miting kasama ang administrador ng paaralan. Ito ay ayon sa partikular na seksyon ng isang batas na tinatawag na seksyon 18 ng batas na ito.

4. Ang karapatan ng isang mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles na makilahok sa isang programa ng bilinggwal na edukasyon na iniaalok ng lokal o panrehiyong board ng edukasyon kapag may dalawampu o higit pa na kwalipikadong mga estudyante na nauring dominante sa isang wika, na hindi Ingles, tulad ng nasabing estudyante, ayon sa mga probisyon sa seksyon 10-17f ng pangkalahatang mga batas.

Nangangahulugan ito na ang mag-aaral ng Ingles/mag-aaral na ang pangunahing wika ay hindi Ingles ay may karapatan na sumali sa isang programa sa bilinggwal na edukasyon kung ito ay hinihingi sa paaralan. Ito ay batay sa mga tuntunin sa seksyon 10-17f ng pangkalahatang mga batas.

5. Ang karapatan ng isang magulang o guardian ng isang Mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles na makatanggap ng nakasulat na abiso, sa kapwa Ingles at nananaig na wika ng nasabing magulang o guardian, na ang nasabing estudyante ay kwalipikadong makilahok sa isang programa ng bilinggwal na edukasyon o Ingles bilang isang programa sa bagong wika na iniaalok ng lokal o panrehiyon na board ng edukasyon.

Nangangahulugan ito na ang isang magulang o guardian ng isang estudyante na nag-aaral ng Ingles o nagsasalita ng wika na hindi Ingles ay may karapatan na makatanggap ng nakasulat na abiso, sa kapwa Ingles at sa wika na pinakamahasay sila upang sabihin sa kanila na ang kanilang anak ay makakasali sa isang bilinggwal na edukasyon o Ingles bilang isang programa sa bagong wika na iniaalok ng district.

6. Ang karapatan ng isang Mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles at ng magulang o guardian ng nasabing estudyante na makatanggap ng sesyon ng de kalidad na oryentasyon, sa nananaig na wika ng nasabing estudyante at ng magulang o guardian, mula sa lokal o panrehiyong board ng edukasyon na nagbibigay ng impormasyon kaugnay ng mga pamantayan ng estado, mga pagsubok at mga inaasahan mula sa mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles, pati na rin ng mga layunin at mga hinihingi para sa mga programa ng bilinggwal na edukasyon, bago ang paglahok sa nasabing programa ng bilinggwal na edukasyon o Ingles bilang isang bagong wika.

Nangangahulugan ito na ang mga estudyante na nag-aaral ng Ingles at ang kanilang mga magulang o guardian ay may karapatan na dumalo sa isang nakakatulong na pagpupulong sa kanilang pinaka-nauunawaan na wika. Ang pagpupulong na ito ay iorganisa ng lokal na school board at magbibigay sa kanila ng impormasyon tungkol sa mga pamantayan, pagsubok, at kung ano ang inaasahan sa paaralan para sa mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles o nagsasalita ng wika na hindi Ingles. Matutunan din nila ang tungkol sa mga layunin at tuntunin para sa bilinggwal na edukasyon at Ingles bilang mga programa ng bagong wika bago sumali sa mga programang ito.

7. Ang karapatan ng isang magulang o guardian ng isang mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles na makatanggap ng impormasyon tungkol sa progreso ng pag-unlad at pagkuha ng wikang Ingles ng nasabing estudyante.

Nangangahulugan ito na ang isang magulang o guardian ng isang estudyante na nag-aaral ng Ingles o nagsasalita ng wika na hindi Ingles ay may karapatan na makatanggap ng mga update at impormasyon tungkol sa kung kumusta ang kanilang anak sa pagpapahusay ng kanilang kakayahan sa wikang Ingles.

8. Ang karapatan ng mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles at ng magulang o guardian ng nasabing estudyante na makipagkita sa mga tauhan ng paaralan upang talakayin ang pag-unlad at pagkuha ng nasabing estudyante sa wikang Ingles.

Nangangahulugan ito na ang mga estudyante na nag-aaral ng Ingles o nakakapagsalita ng maraming wika at ang kanilang mga magulang o guardian ay may karapatan na makipagkita sa mga kawani ng paaralan tungkol sa kung gaano kahusay natututo ang estudyante ng Ingles at napapahusay ang kanilang kakayahan sa wika.

9. Ang karapatan ng isang mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles sa isang programa ng bilinggwal na edukasyon o Ingles bilang bagong wika, kung iniaalok ng lokal o panrehiyon na board ng edukasyon/language.

Nangangahulugan ito na ang isang mag-aaral ng Ingles/mag-aaral na ang pangunahing wika ay hindi Ingles ay may karapatan na sumali sa bilinggwal na edukasyon o programang Ingles bilang isang bagong wika kung iniaalok ito ng lokal na school board.

10. Ang karapatan ng mag-aaral ng Ingles/estudyante ang pangunahing wika ay hindi Ingles na magkaroon ng pantay na access sa lahat ng programa sa antas ng grado sa paaralan

Nangangahulugan ito na ang mag-aaral ng Ingles/mag-aaral na ang pangunahing wika ay hindi Ingles ay makakuha ng kaparehong pagkakataon na makibahagi sa lahat ng aktibidad ng paaralan para sa kanilang antas ng grado.

11. Ang karapatan ng mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles na magkaroon ng pantay na access sa lahat ng sentrong asignatura sa antas ng grado.

Nangangahulugan ito na ang mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles ay may karapatan na matuto tungkol sa lahat ng mga asignatura sa antas ng kanilang grado, tulad ng ibang mga estudyante.

12. Ang karapatan ng mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles na makatanggap ng taunang pagsubok sa kahusayan sa wika.

Nangangahulugan ito na ang mag-aaral ng Ingles/estudyante na nagsasalita ng wika na hindi Ingles ay may karapatan na kumuha ng pagsubok bawat taon upang malaman kung kumusta sila sa kanilang kakayahan sa wika.

13. Ang karapatan ng mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles na makatanggap ng mga serbisyo ng suporta na naaayon sa anumang plano ng interbensyon na ibinibigay ng paaralan o ng district ng paaralan sa lahat ng estudyante.

Nangangahulugan ito na ang mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles ay may karapatan na makatanggap ng ekstrang tulong (sa pamamagitan ng interbensyon) na katugma sa plano ng paaralan o ginagamit ng district ng paaralan upang tasahin ang lahat ng estudyante.

14. Ang karapatan ng mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles na patuloy at taon-taon na matala sa isang programa ng bilinggwal na edukasyon o Ingles bilang bagong wika habang ang nasabing estudyante ay nananatiling isang kwalipikadong estudyante ayon sa binibigyang kahulugan sa seksyon 10-17e ng pangkalahatang mga batas.

Nangangahulugan ito na ang isang mag-aaral ng Ingles o isang tao na nagsasalita ng wika na hindi Ingles ay pwedeng manatili sa bilinggwal na edukasyon o programang Ingles bilang bagong wika taon-taon habang siya ay kwalipikado pa rin, ayon sa ipinaliwanag sa seksyon 10-17e ng pangkalahatang mga batas.

15. Ang karapatan ng magulang o guardian ng isang mag-aaral ng Ingles/estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles na makipag-ugnayan sa Department of Education kung may anumang mga tanong o pag-aalala kaugnay ng karapatan ng nasabing edudyante na makatanggap ng mga serbisyo o akomodasyon sa mag-aaral na ang pangunahing wika ay hindi Ingles na pwedeng makuha ng nasabing estudyante o magulang o guardian, kabilang ang impormasyon hinggil sa anumang posibleng aksyon para sa pagkabigo ng board ng edukasyon na ibigay o tiyakin ang nasabing mga serbisyo o akomodasyon.

Nangangahulugan ito na ang isang magulang o guardian ng isang mag-aaral ng Ingles o isang estudyante na nagsasalita ng wika na hindi Ingles ay pwedeng lumapit sa Department of Education kung sila ay may mga tanong o pag-aalala tungkol sa karapatan ng kanilang anak na makakuha ng mga serbisyo o tulong para sa pag-aaral ng wika. Kabilang dito ang pagtuklas kung ano ang magagawa nila kung ang school board ay hindi nagbibigay ng mga serbisyo o tulong na dapat nilang gawin.